NL PILIPINAS

Inihanda Para sa **NewsLink**

Martes, Oktubre 11, 2011

Pinakamalawak Na Balita Sa Pamamagitan Ng Satellite

Headland SatNews

MARINE SAFETY NEWS

SPONSORED BY

UK P&I CLUB

Calcium Hypochlorite (CH) is an oxidising agent, unstable and self reactive, designated Class 5.1 in the IMDG Code. Special Provision 314 of the IMDG Code applies to CH and states: These substances are liable to exothermic decomposition at elevated temperatures. Decomposition can be initiated by heat or by impurities (e.g. powdered metals *iron, manganese, cobalt, magnesium* and their compounds). When involved in a fire the CH decomposes without burning to release oxygen which will intensify the fire. Also, if CH is mixed with organic materials, such as sawdust or oil, it can result in a fire without the need for an external ignition source.

INMARSAT

CALL FAMILY & FRIENDS FOR LONGER

Inmarsat has reduced their pre-paid call prices, so you can now afford to talk more with your loved ones. These great new rates are available any time of day, 365 days a year, giving you the freedom to call home for longer.

For more on Inmarsat's low-cost calling options, visit *inmarsat.com/crew*

QUOTE OF THE DAY

Every pot has a matching lid. - Philippine Proverb

INFOTAINMENT DVD 46

● Learn about the latest 'Save Our Seafarers' campaign launched to tackle the menace of piracy. Interviews of leading maritime personalities are also available in DVD 46 as they speak at great length about the subject.

● Take a sneak peek into the 2011-2012 NBA Season in the Sports section of DVD 46. Also read about ways to cure sports injuries and learn about world's best ice-skating destinations.

● Don't be the odd one out. Learn new languages now available on DVD 46. Also go through the Language Tips Section to brush up on your English grammar. Our sample papers give you the opportunity to test your English-language skills.

● Tickle your funny bone with some tongue-in-cheek jokes and humorous signs now available on DVD 46.

PHP72-Bilyong 'Stimulus Package' Aprub Na Ni PNoy

MAYNILA - Kinumpirma ng Malacañang na "approved in principle" ni Pangulong Noynoy Aquino ang PHP72-bilyong stimulus package sa susunod na taon upanjg maiangat ang ekonomiya ng bansa mula sa inaasahang pandaigdigang krisis.

Sinabi ni Presidential Communications Development and Strategic Planning Office Secretary Ricky Carandang, patuloy pa nilang pinaplantsa ang nasabing malakihang programang pang-ekonomiya.

Ayon kay Carandang, tugon ito ng gobyerno sa lumalalang problema sa global economy kung saan apektado ang Pilipinas.

Sinasabing nasa PHP72 billion ang stimulus package pero ayaw pang magbigay ng mga partikular na pokus ng mga alokasyon si Carandang.

Sa panig naman ni Budget Sec. Butch Abad, manggagaling ang pondo sa windfall dividends ng DOTC, savings mula sa 2010 budget at ilang fund realignment ng mga ahensya ng gobyerno.

"We have discussed a stimulus package. The details are still beingworked out but the President has approved it in principle," ani Carandang.

"In light of what we are seeing in the global economy, this accelerated spending is a policy response to that. This should give us a fighting chance to maintain the growth targets," dagdag ni Carandang.

Ang programa ay siya umanong sagot ng pamahalaang Aquino sa inaasahang pagbagal ng takbo ng ekonomiya ng buong mundo sa 2012 dahil sa mga krisis sa ekonomiya ng Estados Unidos at Europa.

Ang US ay patuloy pa ring nahihirapan sa mataas na unemployment rate at hina ng negosyo samantalang ang Europa ay naghahanda sa nagbabantang pagbagsak ng ekonomiya ng Greece na nakalubog sa malaking pagkakautang.

Sa pamamagitan umano ng sariling pondo ng gobyerno na ilalaan sa mga gawaing bayan, agrikultura at iba pang kritikal na pangangailangan ay maiiwasan ang malaking epekto ng pandaigdigang krisis sa Pilipinas.

Ang 'stimulus package' ay kahalintulad ng mga malakihang programa sa pagpapasigla ng ekonomiya ng bansa na isinagawa ng Estados Unidos, Tsina at mga bansa sa Europa sa gitna ng economic recession noong 2009.

Mikey At Misis Nagpiyansa Ng PHP200,000

MAYNILA - Nagpiyansa na ang mag-asawang sina Ang Galing Pinoy Partylist Rep Mikey Arroyo at Angela Arroyo ng halagang PHP200,000 o PHP20,000 sa bawat isa sa sampung mga kaso ng tax evasion na kanilang kinakaharap.

Ang kaso ay isinampa ng Department of Justice at Bureau of Internal Revenue dahil umano sa hindi pagbabayad ng mag-asawa ng mahigit sa PHP73-milyong pisong buwis at hindi tamang deklarasyon ng income tax return mula 2003 hanggang 2006.

Ayon sa kanilang abogado na si Atty Ruy Rondain, bagaman wala pang ipinapalabas na mandamyento de aresto ang QC Regional Trial Court kung saan isinampa ang kaso ay boluntaryo ng sumuko ang mag-asawa.

Mahigit PHP200,000 umano ang halaga ng piyansa na ibinayad ng mag-asawang Arroyo nang sila ay magtungo sa QC RTC. Sinabi ni Rondain na tinanggap naman ng korte ang piyansa ng mga Arroyo kaya inaasahang hindi na ito magpapalabas ng warrant of arrest laban sa kanila.

BIR - Professionals Walang Dagdag-Buwis

MAYNILA - Nilinaw ng Bureau of Internal Revenue na walang bago o dagdag na buwis na sisingilin ang ahensiya sa mga empleyado tulad ng mga nasa media, mga self-employed at professionals na kinabibilangan ng mga doktor at abogado.

Ito ang paliwanag ni BIR Commissioner Kim Henares sa kanyang bagong memorandum na epektibo sa darating na Abril ng susunod na taon.

Sinabi ni Henares na "for record purposes" lamang ang mga dagdag na impormasyong kukunin sa mga taxpayers.

Sa nasabing memorandum, magiging anim na pahina na ang income tax returns (ITR) kung saan ilalagay ang mga karagdagang impormasyon.

Kabilang na sa kailangang ideklara ang mga kita sa stocks, napanalunan sa pa-raffle, pension at iba pang insurance benefits.

Sa kaniyang State of the Nation Address (SONA) nitong Hunyo, sinabi ni Pangulong Benigno Aquino III na malaki ang nagiging kawalan ng bansa sa napakaliit na koleksiyon ng professional at income tax mula sa mga propesyonal katulad ng mga abogado at doktor.

Sinabi ng Pangulo na ang lumalabas na average na buwis na binayaran ng mga propesyonal noong 2010 ay PHP5,000 lamang, o halos katulad ng buwis na binayaran ng mga sumasahod ng minimum wage.

NAIA Nais Ilipat Sa Clark

MAYNILA - Ibinunyag kahapon ni Transportation Secretary Mar Roxas II na balak ng gobyerno na ilipat ang Ninoy Aquino International Airport (NAIA) na nasa boundary ng Pasay at Paranaque sa Clark, Pampanga. Base umano sa pag-aaral, aabot sa USD2.5 bilyon ang halaga ng 440 ektaryang nasasakop ng NAIA kung ibebenta ito.

Pero dapat din umanong magtayo ng mabibilis na tren ang gobyerno dahil maraming mga mamamayan ang mahihirapan kung ililipat ang NAIA sa Pampanga.

Naungkat ang balak na paglilipat ng international airport matapos kumustahin ni Senate President Juan Ponce Enrile ang pinakahuling updates ng North Rail project.

Inihayag ni Roxas na nakumbinsi ng gobyerno ang mga lider ng China na muling iayos ang proyekto dahil sa mga nakitang kahinaan at kakulangan nito. Sinabi ni Roxas na ang gobyerno na ng Pilipinas ang gagawa ng terms of reference at igigiit din nilang yong mga kontraktor na may malawak na karanasan ang hahawak sa proyekto.

Palasyo: Oktubre 31 Non-Working Holiday

MAYNILA - Idineklara ng Malacañang na special non-working holiday ang darating na Oktubre 31, ayon kay Presidential Spokesman Edwin Lacierda. Nilagdaan ni Executive Secretaty Paquito Ochoa Jr ang Proclamation 265 bilang special non-working holiday sa buong bansa.

Mangangahulugan na magkakaroon ng mahabang oras ang mga Filipino upang madalaw ang kanilang mga pumanaw na mahal sa buhay sa pagdiriwang ng All Saints Day sa Nov 1

BALITANG PANLALAWIGAN

Hilagang Mindanao at Zamboanga

Balita mula sa Hilagang Mindanao at Zamboanga sa nakaraang isang linggo. (Isyu bukas: Gitna at Silangang Visayas)

MARINE NEWS SUMMARY

CONTAINER VESSELS: NEXT-GENERATION WILL BE LARGEST EVER

If the need is for greater efficiency for road and rail freight during an economic slowdown, standard operating procedures might be to downgrade to smaller and lighter means of overland transport. Shipping lines, however, have a different approach: they build bigger ships. The reason, they say, is better economies of scale, costing them less to send a string of three or four huge new ships across the oceans instead of a larger fleet of smaller vessels. These bigger and newer ships will also have more efficient engines and lower emissions, which also means lower fuel costs, as the company hopes an everlasting impression on its customers. One shipping giant is reportedly spending USD 1.9 billion on 10 new ships, each of which will carry 18,000 TEUs. The new Ultra Large Container Ships (ULCS) will be more than 1,312 feet long and more than 193 feet wide, and will outdo cargo capacity of the world's largest container vessel currently afloat, by 16%. The company's chief executive said that building ULCSs was not only a top priority for the firm but also for its customers, who are heavily dependent upon this in their supply chain. Five years ago, the world's largest container ship had a TEU capacity of 9,500. According to a Paris-based maritime research firm, the container carriers' answer to challenges of sustainable shipping and reduction of emissions is to build ever-larger ships, whose sizes have doubled over a decade.

Mayor Dano Pinalaya Na

MALAYBALAY CITY - Pagkaraan ng halos dalawang buwan na pagkakabihag, pinalaya na ng New People's Army si Lingig Mayor Henry Dano noong Linggo. Ini-turn over siya sa kanyang mga kaanak sa Barangay New Visayas, Trento, Agusan del Sur.

Sa isang pahayag, sinabi ni National Democratic Front (NDF) Southern Mindanao spokesperson Rubi del Mundo na pinagdesisyunan nilang palayain ang alkalde matapos na kinunsederang "conditionally archived" na ang kanyang kaso dahil humingi na umano ito ng paumanhin sa mga nagawa nito laban sa rebeldeng grupo.

"But in the event that he willfully commits an act or acts that constitute violation of human rights, international humanitarian law and the laws and policies of the people's government, he shall be rearrested and put to trial," babala ng NDF.

Pinalaya rin ang dalawang escort ni Dano na sina Corporal Alrey Desamparado at Priv First Class Alan Saban ng fourth Infantry Division intelligence unit.

" They are being conditionally released to give them a chance to remold and rectify by ceasing any participation in the armed counter-revolutionary operations of the government of the Philippines," ayon sa pahayag ng NDF.

125 Vinta Sumali Sa Regatta Zamboanga

ZAMBOANGA CITY - Hindi bababa sa 3,000 na katao ang dumalo sa 37th Regatta Zamboanga noong Linggo kung saan 125 na vinta (sailboats) ang nakita sa kahabaan ng Cawa-cawa Boulevard. Dalawang mangingisda mula sa Sinunuc - sina Hajad Hamid at Danny Ladja - ang nanalo sa paligsahan at nagkamit ng PHP10,000 na premyo.

Ang bawat sumali naman ay nakatanggap ng PHP1,000 bilang participation fee.

Sa regatta, nagpapaligsahan ang mga nakapasa sa elimination round, kung saan tagsa sampung vinta ang mag-uunahan sa pagtawid ng 150-metro na distansya mula sa baybayin at pabalik. Ang nasabing boat race ay sinimulan noong 1974 at bahagi ng piyesta ng Nuestra Señora del Pilar.

Zamboanga Security Hinigpitan Matapos Ng 2 Pagsabog

ZAMBOANGA CITY - Dinagdagan ng Philippine National Police (PNP) ang kanilang puwersa sa Zamboanga Peninsula matapos ng twin blast na naganap sa Zamboanga City sa gitna ng Hermosa Festival noong Linggo. Hindi bababa sa 13 katao ang namatay sa magkahiwalay na insidente. Ang unang pagsabog ay nangyari ng 12:25pm sa cockpit sa Brgy San Roque.

Ang sumunod na pagsabog ay nangyari naman ng 12:30pm sa Red Palm Pension House na katabi ng inter-provincial bus terminal sa Brgy Guiwan.

Apat na mga boksingero na nasa nasabing lugar dahil sa magaganap na "Golpe-Golpe na Zamboanga" ang nasugatan. Ang boxing fight ay bahagi ng Hermosa Festival.

"The PNP is taking the lead in the investigation of the entire incident. However, we are also augmenting our security forces in the area," ani Randolf Cabangbang, regional spokesman ng Armed Forces of the Philippines na magbibigay suporta sa PNP.

Pinagako naman ni regional police chief Elpidio de Asis na ligtas ang lugar para sa mga turista "as our policemen are safeguarding the entrance and exit of the city with their military counterpart."

Negosyante Binihag Sa Zamboanga Del Sur

PITOGO - Sampung kalalakihan na myembro umano ng Abu Sayyaf ang bumihag sa isang negosyanteng babae sa bayan ng Pitogo, Zamboanga del Sur noong Sabado. Sinabi ni provincial police director Jose Bayani Gucela na puwersahang kinuha si Monalisa Capa "at gunpoint" mula sa kanyang gas station, ayon sa "Philippine Star."

Samantala, ang bersyon naman ng Sunstar sa insidente ay nagsabing nasa ice plant daw si Capa nang dumating ang mga kalalakihan.

Ang pamilya ni Capa ay may negosyo sa gasolina, pangingisda at paggawa ng yelo.

Ayon sa online na ulat ng dalawang pahayagan, pinasakay ang negosyante sa isa sa mga bangkang de motor sa baybayin ng Pitogo at nagtungo ang mga ito sa isla ng Olutanga.

Naganap ang pagbihag isang araw matapos na mahuli ng mga otoridad ang dalawang myembro ng isang kidnap for ransom group sa Zamboanga Sibugay. Sinabi ni Gulce na maaaring mula sa isang grupo lamang ang dalawang ito at ang mga nagbihag kay Capa.

BALITA SA IBAYONG DAGAT

Rena Nag-Issue Ng Mayday, May Bagong Oil Spill

TAURANGA - Naglabas ng mayday ang container ship na Rena matapos na tumagas langis mula rito dahil sa sira na natamo nito dala ng masamang panahon. Nilisan na ng 36-member salvage crew ang barko. Sinabi ng Maritime New Zealand (MNZ) na 130 hanggang 350 tonelada ng langis ang tumagas sa Bay of Plenty.

Umabot raw ng limang metro ang mga alon o swells magdamag.

Mukhang stable raw ang Rena sa ngayon ayon kay MNZ director Catherin Taylor, ngunit nag-aalala ito dahil hindi maganda ang mga weather forecast.

Nasira daw ang harapan ng kanyang hull at tumaas ang baha sa kanyang forward holds. "They're not thinking that the vessel is going to break up at this time. They're aware it's resettling into a new equilibrium," ani MNZ salvage unit manager Bruce Anderson.

Nobel Economics Prize Winners Napili Na

STOCKHOLM - Dalawang Amerikanong mananaliksik ang nakakuha ng 2011 Nobel Economics Prize noong Lunes. Pinarangalang sina Thomas Sargent at Christopher Sims sa kanilang mga pag-aaral na nagpapakita kung paano naaapektuhan ng iba't ibang mga kaganapan ang ekonomiya ng bawat bansa.

Sinabi ng Nobel jury na nakalikha ang dalawa ng mga proseso upang mailahad ang "causal relationship between economic policy and different macroeconomic variables, such as gross domestic product, inflation, employment and investments ... Their combined work constitutes a solid foundation for modern macroeconomic analysis. It is hard to envisage today's research without this foundation."

Structural macroeconomics ang specialization ni Sargent, isang propesor ng New York University.

Pinakita niya na ang mga expectation o hinahangad ng private sector ay nakakaapekto sa mga desisyon ng mga gubyerno't institusyon hinggil sa mga suweldo, presyo ng bilihin at mga investment.

Samantala, ang pag-aaral ni Sims, isang propesor sa Princeton University, ay tumuon sa kung paano ang "shocks spread throughout the economy," pati na rin nakakaapekto sa kabuuang ekonomiya ng bansa ang ilang pagbabago sa polisiya gaya ng central bank rate hikes.

Pagsabog Sa Bhutan Bago Ng Royal Wedding Iniulat

PHUENTSHOLING - Dalawa ang nasawi sa naganap na pagsabog sa isang bayan sa Bhutan, ilang araw bago idaos ang kasal ng hari ng bansa. Gabi ng Lunes nangyari ang pagsabog sa Phuentsholing na malapit na sa India.

"There were small blasts from two home-made bombs. There are two Indians with minor injuries," sinabi ng isang tagapagsalita ng pamahalaan.

Iniimbestigahan na raw kung sino ang responsable sa magkahiwalay na insidente.

Ang isang bomba ay sumabog malapit sa isang cash machine at ang pangalawa ay sumabog sa labas ng border gate, ayon sa opisyal.

Sa Huwebes itinakda ang kasal ni Jigme Khesar Namgyel Wangchuck, 31, ang ikalimang hari ng Bhutan. Pakakasalan niya si Jetsun Pema, anak ng isang airline pilot.

Nagkaroon din ng mga pagsabog sa bansa bago ito nagdaos ng unang pambansang eleksyon noong 2008. May suspetsa ang mga otoridad na isa sa tatlong militanteng organisasyon na mula sa Nepal ang nagsagawa ng pambobomba. Mahigit sa 100,000 na ethnic Nepalese ang pumunta ng Bhutan noong dekada 1990s dahil sa political persecution sa Thimphu.

Apple Logo Ni Mak Di Orihinal

HONG KONG - Isiniwalat ni Jonathan Mak, ang Hong Kong student na sumikat sa kanyang inilabas na Apple logo matapos ng pagkamatay ni Steve Jobs, na ang kanyang disenyo na may silhouette ng co-founder ng kompanya ay base sa isang logo na una nang ginawa ng designer na tiga United Kingdom.

Subalit pinaliwanag ni Mak, na nag-aaral sa Polytechnic University School of Design, na hindi ito isang "rip off" ng disenyo na nilikha ng kompanyang nagngangalang Raid71 noong May "I still arrived at the solution on my own, and my conscience is still clear, but I'm more than happy to acknowledge the fact that somebody did it before me," ani Mak.

Gaya ng Raid71 design, silhouette ng mukha ni Jobs ang nasa bite o kagat sa Apple logo ngunit iba ang laki (dimensions and proportions) nito sa ginawa ng UK designer, paliwanag ng binata.

BALITA SA PANANALAPI

BALITANG STOCKS

As of 12:10pm on October 11, the Philippine Stock Exchange Index gained 68.69 points to 4109.27.

PALITAN

USD 1 = PHP 43.4210

Bangko Sentral ng Pilipinas

EUR 1 = USD 1.3593

GBP 1 = USD 1.5643.

European Central Bank

Ginamit ang logo sa mga commemorative cap at T-shirt na ibinenta sa eBay pagkaraang pumanaw si Jobs. Sa kaugnay na balita umabot daw ng mahigit sa isang milyon ang pre-order para sa bagong iPhone 4, ang 4S, sa loob ng unang 24 oras mula nang launch nito noong October 4

Big Ben Tumatabingi

LONDON - Bahagyang tumagilid ang popular na orasan na Big Ben sa London. Batay sa mga dokumento mula sa British Parliament, ang tuktok ng orasan na nasa St Stephen's Tower ay halos kalahating metro na "out of line."

"Off center" na daw ito nang makumpleto noong 19th century. At noong 2003, naiulat na gumalaw ito ng tatlong millimetro.

Sinabi ni Mike McCann, ang tagapangalaga ng Big Ben, na isang halimbawa lamang ito ng mga imperfection ng mga lumang mga gusali.

"The Victorians didn't have lasers or modern surveying equipment ... It was never going to be straight to start with," ani McCann, na nagsabing ang pagkatabingi ng tore ay halos "a third of a degree off the vertical," mas mababa ng sampung pursyento sa incline ng Leaning Tower of Pisa.

ISPORTS

Cabagnot Tinanghal Na PBA Player Of The Week

MANILA - Hinirang bilang Philippine Basketball Association (PBA) Player of the Week ang guwardya ng Petron Blaze Boosters na si Alex Cabagnot matapos niyang tulungan ang koponan na ilista ang dalawang sunod na panalo sa Philippine Cup.

Napili si Cabagnot para sa parangal makaraang itawid ang Boosters kontra sa B-Meg Derby Aces at Barako Bull sa kanilang dalawang huling laro.

PANAHON

Eastern Visayas and Northeastern Mindanao will have rains with gusty winds and the coastal waters will be moderate to rough. Bicol region rest of Visayas and Mindanao will experience mostly cloudy skies with scattered rainshowers and thunderstorms becoming cloudy over Central Visayas which may trigger flashfloods and landslides. The rest of the country will be partly cloudy to cloudy with isolated rainshowers or thunderstorms.

Ilang basketbolista ang nagpakita ng galing at husay nitong nakaraang linggo gaya lamang ni Paul Lee ng Rain or Shine, Japeth Aguilar ng Talk N' Text at ang kangyang baguhan ding kakampi na si Chris Lutz.

Ngunit natalbugan sila ni Cabagnot dahil sa ipinakita niyang determinasyon para akayin ang Boosters patungo sa tagumpay.

Nagtala ng 14.5 points, 5.5 rebounds, 3.5 assists at isang tapal ang No 2 overall draft pick noong 2005 mula October 2 hanggang October 9, kabilang na dito ang mahahalagang puntos na tumulong para talunin ng Petron ang Barako Bull, 95-83, sa kanilang mahigpit na laban noong nakaraang Biyernes.

Malaki rin ang naging kontribusyon niya sa 73-69 panalo ng koponan laban sa B-Meg sa kanilang unang laro, kung saan umiskor siya ng pitong puntos sa mga huling yugto ng laban para siguruhin ang panalo kontra Derby Aces.

Generals Pinasuko Ng JRU

EAC Generals 77 - JRU Heavy Bombers 90: Tinapos ng Bombers ang kanilang kampanya sa NCAA men's basketball elimination round gamit ang isang malaking panalo laban sa Generals para panatilihing mataas ang kanilang kumpyansa bago tumungo sa Final Four.

Mabagal ang naging opensa ng Bombers, na nasungkit ang huling Final Four slot noong isang linggo, sa umpisa ng laban, bagay na sinamantala ng Generals para itala ang 42-32 kalamangan bago maghalf-time.

Sinimulan ng koponan ni coach Vergel Meneses ang kanilang pag-atake sa second half, kung saan umiskor sila ng 19-sunod na puntos para agawain ang bentahe, 55-44.

Subalit hindi sumuko ang EAC at naibaba nila ang kalamangan ng JRU sa dalawa, 62-64, matapos pumukol ng three-pointer si Jan Jamon na may higit pa sa walong minuto ang nalalabi sa fourth quarter.

Ngunit bumulusok ang Bombers tungo sa 18-3 run na tuluyang tumapos sa Generals, na nagtala ng ilang turnovers sa mga huling minuto ng laban.

Pinangunahan ni John Lopez ang opensa ng JRU na may 17 puntos para ilista ang ika-anim na sunod na panalo ng koponan. **Ibang Laro: (Seniors)** LPU Pirates 94-89 CSB Blazers; **(Juniors)** SSC-R Staglets 65-85 CSJL Squires, EAC Brigadiers 74-60 JRU Light Bombers, LPU Junior Pirates 45-118 CSB-LSGH Greenies.

Bagong LA Training Uumpisahan Ni Pacquiao

LOS ANGELES - Nakatakdang simulan ni "People's Champ" Manny Pacquiao ang ikalawang bahagi ng kanyang pagsasanay sa Los Angeles ngayong linggo.

Lumapag na sa Amerika ang eight-division world champion para magsanay sa Wild Card gym bilang paghahanda sa kanilang pagtutuos ng Mehikanong si Juan Manule Marquez sa MGM Grand sa Las Vegas sa susunod na buwan.

Katatapos lamang magsanay ni Pacquiao sa Baguio, kung saan pinalakas ni Pacquiao ang kanyang cardiovascular skills sa loob ng tatlong linggo.

Ayon kay Freddie Roach, taga-sanay ni Pacquiao, napapansing niyang laging masaya ang boksingero, nagpapahiwatig na handang-handa na siya sa laban.

Manila Saturday night and was quoted as saying he was ready to resume preparing for the fight.

"I like it when he's happy because that means he's focused and will do whatever I want him to do in the course of his training," ani ng 51-taong-gulang na boxing guru.

"And that's exactly what I want, for him to remain focused on what's he's doing because after having attained our purpose in Baguio where he stayed within his comfort zone, the time has come to really crack him down," sambit ni Roach at dinagdag pa na target ni Pacquiao na pabagsakin si Marquez sa loob ng lima hanggang anim na round.

Azkals, Nepal Magtutuos

Philippines Vs Nepal: May bagong estratehiya ang Philippine men's football team sa kanilang international friendly laban sa Nepal sa Rizal Memorial Stadium ngayong araw. Target ng koponan na makabawi matapos silang taluning ng Singapore, 2-0, noong Biyernes.

Ayon sa mga ulat, balak ng Azkals na ibahin ang kanilang estratehiya sa pamamagitan ng pag-atake ng maaga kontra Nepal.

Ito ang unang beses na maglalaro muli ang grupo sa Pilipinas sa loob ng dalawang buwan at nais ng Azkals na bigyan ng magandang laban ang Himalayan Warriors, na nakatakdang umpisahan ang kanilang isang buwan na pagsasanay laban sa mga koponan sa Southeast Asia.

Inaasahang maglalaro si winger Chieffy Caligdong sa kabila ng kanyang injury na natamo niya noong sumabak ang grupo sa Long Teng Cup sa Taiwan, kung saan nasungkit ng Pilipinas ang ikalawang puwesto.

Ang Fil-Spanish striker na si Angel Guirado naman ay hindi makakapaglaro dahil sa isang ankle injury. Subalit nananatiling kumpyansa si coach Michael Weiss dahil pupunuan naman ang pagkawala ni Guirado nina Fil-Danish Dennis Cagara at Jerry Lucena.

NEWSLINK *is the market-leading daily news service providing 70+ titles for seafarers as part of Headland Media's Satnews portfolio.*
Address: *15 Nafpliou St., 1st Floor, P.O. Box 3627, 3317 Limassol, Cyprus.*
Tel: *+357 25340360*
Email: *Info@NewsLinkServices.com*
Copyright *© 2011 NewsLink Services Ltd is a Headland Media company. All rights reserved. Information appearing in NewsLink must not be reproduced in any medium without licence nor re-transmitted to any other non-subscribing vessel or individual.*
Disclaimer: *Your Company's regulations & procedures take precedence over all information in NewsLink including Exchange Rates, Safety & Loss Prevention Messages.*

Orcollo Wagi Sa 9-Ball

QUEZN CITY - Nakaganti rin si Dennis Orcollo kay Carlo Biado matapos niyang sungkitin ang korona sa National Pool Championship 9-Ball division. Patungo na sana sa isa na namang panalo si Biado, ang bagong kampyon ng 8-Ball division, makaraang umabante ng 6-3 kontra kay Orcollo.

Subalit hindi natinag ang binansagang "The Robocop," na ipinakita ang kanyang galing tungo sa 11-8 na panalo.

Tinalo ni Biado ang world No 1 na si Orcollo sa semifinals ng 8-Ball division bago niya napanalunan ang titulo laban kay Alan Cuartero noong Linggo.

"I know he (Biado) would surge ahead because he had played in the 8-ball championship and is familiar with the table's speed," ani Orcollo, na nag-uwi ng PHP50,000 na premyo.

Mas pinaigting pa ng panalo ni Orcollo ang labanan para sa grand championship. Nasiguro din ng dalawang bilyarista ang puwesto para sa World Pool Summit, ang pinakahuling torneyo ng World Pool Billiard Association ngayong taon.

!?! THAT'S ODD

No Turkeys Fall On Arkansas Festival This Year

YELLVILLE - Turns out turkeys don't fly. The "Baxter Bulletin" reports that attendees at the Turkey Trot festival in Yellville were disappointed when no turkeys dropped from planes on Friday or Saturday. The turkey drop is a mainstay of the event in northern Arkansas, though organisers don't sanction it. Supporters say the turkeys can fly just enough to descend safely, but animal-rights advocates call it cruel.

The People for the Ethical Treatment of Animals posted a USD5,000 bounty for information leading to an arrest. The Federal Aviation Administration said any pilots dropping turkeys could lose their licenses.